
タガログ語

Ito ay isang modelong proyekto ng Social Welfare and War Victims' Relief Bureau ng Ministry of Health, Labour and Welfare.



Libreng tawag

# 0120-279-338

# よりそいホットライン

## Helpline para sa mga Foreigners

Tutulong kami sa anumang suliranin na inyong hinaharap.
Tutulong ang aming staff upang makahanap ng solusyon.

Toll-Free



I-dial ang toll-free number, at pagkatapos ng guidance sa wikang Japanese, pindutin ang 2

＊Ang toll-free number ay maaaring gamitin mula sa kahit saang lugar sa Japan

＊Ang inyong privacy ay aming iingatan

Ang aming mga espesyalista ay naghihintay upang sagutin ang inyong mga tawag.
Huwag ninyong akuing mag-isa ang bigat ng lahat ng inyong mga suliranin,
maaari kayong tumawag upang humingi ng tulong.

Mayroong nakatalang espesyal na linya upang maiwasan ang pagpapatiwakal (suicide),
pambubugbog (domestic violence), sekswal na pang-aabuso, at para na rin sa mga sexual minorities.

一般社団法人 社会的包摂サポートセンター

http://279338.jp/

Gusto kong manatili sa Japan, pero hindi ko alam kung paano.

Nakakaranas ako ng diskriminasyon, pero hindi ko masabi kaninuman.

Wala akong fixed na income, at wala akong kasiguraduhan sa aking future.

Ako ay lubog sa utang.

Hindi ko masundan ang mga pamamalakad sa mga pampublikong opisina dahil hindi ako nakakaintindi ng Japanese.

Hindi ako komportable sa aking seksualidad.

Ako ay nakakadama ng matinding kalunkutan, na napakahirap kahit na ang mabuhay.

Gusto kong pumasok sa isang local school, pero hindi ko alam kung papaano.

Watak-watak ang aking pamilya, nakakalungkot.

Ako ay nakakaranas ng pambubugbog o domestic violence, ngunit hindi ko ito masabi kaninuman.

Gusto kong masabi ang aking mga saloobin o hinaing, at gusto kong masagot ang aking mga katanungan gamit ang sarili kong wika.

Ako ay pinatalsik sa trabaho nang walang rason.

● Kami ay nandito upang sagutin ang anumang suliranin na bumabagabag sa inyo.

Buhay, Trabaho, Housing,
Pag-iisip na magpakamatay, Puso at Isipan, Pamilya,
Pera, KaramdamanMga kapansanan, Krimen, Kasarian
Pisikal na Pang-aabuso/Sekswal na Pang-aabuso
Mga bata, Batas at mga legal procedures,
Administrayon at mga palakad sa ibat-ibang opisina,
Edukasyon, Pakikipagkapwa-tao, Nationality
Mga lugar na nasalanta ng kalamidad/Nuclear reactors
Iba pa

Tumawag sa

よりそいホットライン

**0120-279-338**

＊Maaaring tawagan ang aming numero gamit ang cellphones o public phones.

▶ I-dial ang toll-free number, at pagkatapos ng guidance sa wikang Japanese, pindutin ang 2

## Service Hours (Tagalog)

| | |
|---|---|
| Lunes | Mula 10:00 a.m. hanggang 4:00 p.m. |
| Martes | Mula 4:00 p.m. hanggang 10:00 p.m. |
| Miyerkules | Mula 10:00 a.m. hanggang 4:00 p.m. |
| Huwebes | Mula 4:00 p.m. hanggang 10:00 p.m. |
| Biyernes | Mula 10:00 a.m. hanggang 4:00 p.m. |
| Linggo | Mula 10:00 a.m. hanggang 10:00 p.m. |

Ang layunin ng 社会的包摂サポートセンター ay magkaroon ng isang lipunan na kung saan ang lahat ay magkakaroon ng "sense of belonging" at maramdaman ang kanilang halaga. Dahil dito, kami ay mayroong iba't-ibang klaseng proyekto upang mabigyan ng suporta ang ilan na maaaring maapektuhan ng mga hindi pagkakapantay-pantay sa lipunan (gaya ng  kahirapan, pagiging dayuhan, pagkakabilang sa sexual minorities, pagkakaranas ng domestic violence o sekswal na pang-aabuso, pagkakaroon ng kapansanan, kawalan ng tirahan, pagkakalubog sa utang, pagiging single-parent).

一般社団法人 社会的包摂サポートセンター　http://279338.jp/

Ang mga impormasyon na aming nakalap mula sa aming support service ay hindi namin ipapaalam sa 'third party', maliban na lamang kung may pahintulot galing sa aming kleyente o mula sa susog ng batas. Ang mga impormasyon na aming nakalap mula sa aming support service ay maaaring gamitin para sa statistics nang hindi isinasambulat ang personal na impormasyon ng mga indibidwal. Maaari lamang tumungo sa aming website para sa mga detalye.